Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-9 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-01 NG SETYEMBRE, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 175-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA KUMIKILALA O NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA ANTI-CRIME AND COMMUNITY EMERGENCY RESPONSE TEAM (ACCERT) NA MAPABILANG SA ACCREDITED NON-GOVERNMENT ORGANIZATION (NGO)/CIVIL SOCIETY ORGANIZATIONS NG LUNGSOD NG MALOLOS.**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** ang Anti-Crime and Community Emergency Response Team (ACCERT) ay naghain ng aplikasyon para sa kaukulang pagkilala at akreditasyon ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang mga samahan katulad ng Non-Government Organization (NGO)/Civil Society Organizations ay binibigyan ng kahalagahan ng ating Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas, gayundin ay binibigyan ng pagkakataong makilahok sa pagbuo ng isang matatag na bansa (nation building);

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Section 34 ng Batas Republika Blg. 7160, o mas kilala sa taguring 'Local Government Code of 1991', na ang yunit ng Pamahalaang Lokal ay may tungkulin sa promosyon ng pagtatatag at pagkilos ng samahan ng mamamayan, partikular ang *People's Organization (PO's)* at *Non-Government Organization's (NGO's)/ Civil Society Organizations*, upang maging aktibong kabalikat ng Pamahalaan sa pagpapaunlad ng bayan o partikular ang yunit ng Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** isinasaad sa Article 64 ng 'Implementing Rules and Regulations of Republic Act no. 7160' na ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magsagawa ng pagkilala sa mga 'NGO/Civil Society Organizations' na umiiral sa nasasakupan ng isang Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagbibigay ng pagkilala sa mga kahalintulad nito na umiiral sa Lungsod na nakatuon sa paglilingkod sa mga mamamayan at sa gawaing pagpapaunlad ng bayan;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO / KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III / KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA / KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO / KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO / KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ / KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA / KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO / KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY / KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III / KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE / KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO / KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang mga NGO/Civil Organizations ay binibigyan ng ganitong pagkakataon na makaganap o makilahok batay sa pagkilala ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang Anti-Crime and Community Emergency Response Team (ACCERT) ay nakatugon sa mga rekositos na itinadhana ng Department of Interior and Local Government (DILG) Memorandum Circular no. 2022-083;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng Sanggunian Panlungsod ng pagkilala o akreditasyon sa nasabing NGO ay magbibigay-daan upang mapabilang sa *"Accredited NGO/ Civil Society Organizations"* ng Lungsod ng Malolos, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Patrick S. dela Cruz,** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang Kapasiyahang Panlungsod na kumikilala o nagbibigay akreditasyon sa Anti-Crime and Community Emergency Response Team (ACCERT)na mapabilang sa Accredited Non-Government Organization (NGO)/ Civil Society Organizations ng Lungsod ng Malolos.

**IPINASIYA PA RIN,** na ang akreditasyon ito ay may bisa hanggang ika-30 ng Hunyo 2025.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08222022